



**Paunawa ng Pampublikong Pagdinig
Community Development Block Grant (CDBG)
Isaalang-alang ang isang Malaking Pagbabago sa Pinag-isang Plano**

Pampublikong Pagdinig

ANG PAUNAWA AY IBINIBIGAY SA PAMAMAGITAN NITO na ang Konseho ng Milipitas ay magsasagawa ng isang Pampublikong Pagdinig sa regular ng pulong ng Konseho ng Lungsod nang personal sa Kamara ng Konseho ng Lungsod sa City Hall, matatagpuan sa 455 E. Calaveras Blvd., Milpitas **sa Martes, Enero 21, 2025**, magsisimula sa o kaagad pagkaraan ng 7:00 p.m. Ang layunin ng Pampublikong Pagdinig ay upang talakayin ang isang malaking pagbabago sa Pinag-isang Plano ng 2022-2025 at Taunang Planong Aksyon ng 2024-2025. Ang layunin ng Pampublikong Pagdinig ay magkaloob ng oportunidad para sa mga pampublikong komento tungkol sa mga rekomendasyon na ginawa ng Konseho ng Lungsod para sa pagpopondo ng mga aktibidad ng programa ng CDBG..

Ang BURADOR na mga pagbabago sa Pinag-isang Plano ng 2022-2025 at Taunang Planong Aksyon ng 2024-2025 ay makukuha para sa pagsusuri nang personal sa front desk sa City Hall at online sa: <https://www.milpitas.gov/475/Community-Development-Block-Grant-CDBG>

Ang panahon ng pagsusuri ng publiko at panahon ng mga komento ay mula Disyembre 6, 2024- Enero 20, 2025.

ANG MGA INTERESADONG TAO AY MAAARING magbigay ng mga komento ng publiko sa panahon ng pampublikong pagdinig nang personal sa pamamagitan ng pagsunod sa mga instruksyon na nakalista sa adyenda ng pulong ng Konseho ng Lungsod o magsumite ng mga nakasulat na komento bago ang pagdinig sa pamamagitan ng pag-email sa Klerk ng Lungsod sa cityclerk@milpitas.gov. Ipinagbibigay-alam na ang mga nakasulat na komento ay hindi babasahin sa panahon ng pulong. Ang mga nakasulat na komento ay digital na ipamamahagi sa Konseho ng Lungsod at magiging bahagi ng pampublikong rekord ng pulong na ito.

Alinsunod sa Batas sa mga Amerikanong May Kapansanan, ang Lungsod ng Milpitas ay gagawa ng mga makatwirang pagsisikap upang bigyan ng kaluwagan ang mga taong may kapansanan. Kung ikaw ay nangangailangan ng espesyal na kaluwagan, mangyaring kontakin ang Housing Team sa (408) 586-3222, housing@milpitas.gov.

Suzanne Guzzetta
Klerk ng Lungsod
Petsa ng Publikasyon: Disyembre 6, 2024